MEDICAL BULLETIN
SEPTEMBER 2022

CONTACT DERMATITIS

Ang contact dermatitis ay nangyayari kung ang balat ay nagiging mapula o makati matapos mailapat o maidikit sa isang bagay na maaaring mag-trigger ng allergy sa balat partikular sa kamay. Mayroong dalawang pangunahing uri ng Contact Dermatitis, ito ang Irritant at Allergic.

Q: Anu-ano ang sanhi Contact Dermatitis?

Maaaring sanhi ng **Allergic contact dermatitis:**

- Nikel – ginagamit sa paggawa ng mga alahas, bakal ng sinturon at marami pang iba
- Mga pinapahid na gamot
- Balsam of Peru - ginagamit sa paggawa ng ibang pabango, mga pampaganda, mouth wash at mga pampalasa
- Formaldehyde – ginagamit na preservative, disinfectant etc.
- Deodorants, sabon sa katawan, pangkulay ng buhok, at nail polish
- Mga halaman - poison ivy, mangga na naglalaman ng allergenic na sangkap, urushiol
- Pollen at mga pamatay ng insekto

Maaaring sanhi ng **Irritant contact dermatitis:**

- Solvents
- Rubbing alcohol
- Bleach and detergents
- Shampoos, permanent wave solutions
- Sawdust or wool dust
- Mga halaman
- Mga pataba at pamatay ng insekto



FAQS

Q: Anu-ano ang sintomas ng Contact Dermatitis?

- Mapula at makating pantal
- Tuyo at makaliskis na balat
- Maaaring mukang paltos na nakaumbok, kung minsan ay may tumatagas mula sa loob
- Pamamaga at pananakit ng balat

Q: Ano ang lunas para sa Contact Dermatits?

- Steroid creams or ointments- ipinapahid sa balat upang makatulong sa pagkontrol ng pamamantal
- Tabletang gamot – sa mga mas seryosong kalagayan, ang doctor ay maaaring magreseta ng steroids na tableta upang mabawasan ang pamamaga, tableta na antihistamine upang mabawasan ang pangangati o kaya naman ay antibiotic na tableta/ capsule kung may kaakibat itong "secondary bacterial infection"
- Iwasan ang mga posibleng irritant o allergen.
- Iwasan ang mga bagay na alam mong ikaw ay may allergy.
- Iwasan ang pagkakamot
- Protektahan ang mga kamay
- Seek for professional help when experiencing any of these signs and symptoms